



IMPORMASYON MULA SA NAGANO PREFECTURE

Issued: Nagano Prefecture
Planning Dept., Human Rights
And Gender Equality Division
TEL : 026-235-7165
jinken-danjo@pref.nagano.jp

Ang newsletter na ito ay inilalathala tuwing ikatlong buwan upang magbigay ng mga kapakipakinabang na impormasyon sa mga banyaga. Ang mga nilalaman nito ay mula sa official PR magazine ng "KOHO NAGANOKEN"

EMERGENCY SUPPORT CENTER PARA SA MGA NAGHAHANAP NG TRABAHO

Binuksan ang emergency support center para sa mga naghahanap ng trabaho sa Ueda at Ina City.

Ito ay tumutulong sa pagsuporta sa pamumuhay gaya ng pagkonsulta sa sistema ng pagpapahiram ng pera, impormasyon sa pagpapanatili ng tinitirahan, training upang makahanap muli ng mapapasukan, seminar, pagkonsulta at pagrerekomenda ng mapapasukan. Maliban sa pagbibigay ng mga kapaki-pakinabang na impormasyon, maaaring ilapit o ipakilala sa mga nararapat na section na kinakailangan.

Ayon sa alituntunin ang pagkonsulta ay sa wikang Hapon, subalit mayroong multi cultural support staff, multi cultural community supporters na maaaring makipagtulungan sa mga di gaanong nakapagsasalita ng wikang Hapon.



	Lugar	Oras	Telepono
Ueda Center	Ueda City Building Pareo 3F 1-8-1 Tenjin Ueda City	Lunes ~ Biyernes 8:30~17:00	TEL 0268-71-0660 FAX 0268-71-0664
Ina Center	2543 Nishi-Haruchika Ina City	Martes ~ Sabado 8:30~17:00	TEL 0265-98-0330 FAX 0265-98-0332

Makipag-alam : [Employment Measures Section, Labor and Employment Division,
Commerce Industry and Labor Department, Nagano Prefecture] ☎026-235-7201(wikang Hapon)

SUMANGGUNI SA MGA MULTICULTURAL COMMUNITY SUPPORTERS

Maroong mga "Multicultural Supporters" na marunong ng wikang Hapon at wikang banyaga sa ANPIE (Association of Nagano Prefecture for Promoting International Exchange), na maaaring mapag sanggunian ng mga suliraning may kinalaman sa pang araw-araw na pamumuhay. Huwag mag atubiling sumangguni.

ito po ay walang bayad at ang ikokonsulta ay mananatiling confidential.

☆ Ilan sa mga maaaring ikonsulta ay ang mga sumusunod.

- Pagkonsultang may kinalaman sa serbisyo at sistema ng pamamahala ng administrasyon ng Nagano
- Pagpapakilala sa mga dalubhasa ng ahensiya na maaaring tumulong.
- Translation/Interpretation o pagsasalin at pagpapaliwanag ng importanteng dokumento galing o kailangan ng institusyon ng Nagano.
- Pagtulong sa pagtataguyod ng sariling wika at konsultang may kinalaman sa edukasyon ng mga dayuhang mag aaral sa elementarya at junior high school.
- Pagkonsulta tungkol sa pang araw-araw na pamumuhay.

Makipag-ugnayan sa mga supporters;



Association of Nagano Prefecture for Promoting International Exchange
Address : 1st floor Higashi chosha 692-2 Habashita oaza Minami-Nagano, Nagano City
TEL: 026-235-7186 FAX:026-235-4738 E-mail:mail@anpie.or.jp

☆ oras at araw ng serbisyo: Lunes~Biyernes 9:30 AM~5:30 PM.

☆ ipaalam ng maaga kung kinakailangan ng appointment

Inquiry : [International Community Support Section, Human Rights And Gender Equality Division,
Planning Department Nagano Prefecture] ☎026-235-7165 (wikang Hapon/ Portuguese)

MULTICULTURAL SHIEN-IN

Mayroong mga support staff 「Tabunka Kyosei Shien-in」na marunong magsalita ng wikang Hapon at Portuguese na itinalaga sa mga Regional offices ng Josho, Suwa, Kamiina, Shimoina at Matsumoto.

Ito ay upang magturo ng wikang Hapon at tumulong sa mga nawalan ng hanapbuhayna mga Brazilian na nahihirapang makahanap ng trabahong muli . Sila rin ay nagtatranslate at nag iinterpret ng mga sangguni sa Prefecture at mga may kinalamang institusyon.

Inquiry : [International Community Support Section, Human Rights And Gender Equality Division,
Planning Department Nagano Prefecture] ☎026-235-7165 (wikang Hapon/ Portuguese)

LUMALAGANAP PAGKAHAWA NG BAGONG URI NG INFLUENZA

Lumalaganap ang pagkahawa ng bagong uri ng influenza (H1N1) sa buong Prefecture. Maghugas ng kamay, magmumog mabuti at magsuot ng facemask palagi upang maprotektahan ang pagkahawa nito.

Ang halos karamihan na may bagong uri ng Influenza ay hindi malala ang sintomas at kaunti lamang ang bilang ng mga nako-confine. Subali lumulubha ito sa mga mayroong sakit na diabetes, may hika, sakit sa puso, mga bata, nagdadalang-tao, at matatanda, kayat mag-ingat at sumangguni kaagad sa doctor.



Magpahinga kaagad at huwag pumasok sa trabaho o paaralan kung mayroong biglaang lagnat na 38°C pataas, inuubo o masakit ang lalamunan. Ipaalam agad sa medical institution kung magpapatingin at tiyakin ang mga dapat pag-ingatan bago pumunta. Magsuot ng mask at sundin ang mga instruction na sinabi sa inyo bago pumunta ng ospital.

Dahilan sa patuloy na paglaganap, mahihirapan sa tagal ng paghihintay sa pagpapagamot lalo na sa gabi o pista-opisyal. Alalahanin ang kondisyon ng katawan, at kung maaari ay magpatingin ng weekdays kung hindi emergency. Sumangguni sa Multicultural supporters kung hindi nakapagsasalita ng wikang Hapon, upang maipahatid ito sa Health Centers o medical institution.

Tunghayan ang URL na nabanggit tungkol sa bagong uri ng influenza.

<http://www.pref.nagano.jp/kikaku/danjo/tabunka/bosai/bosai.htm>

○ Multicultural Community Supporters ☎ Portuguese 090-7428-3577 Chinese 090-7429-6822
Tagalog • English 090-7710-7446 Thai • English 090-7427-4648 Oras: 9:00AM~7:00PM

Kung hindi malubha ang kalagayan magpagaling sa isang hiwalay na silid sa bahay, simula sa araw na matingnan ng doctor hanggang pitong (7) araw, o dalawang (2) araw matapos na bumaba ang lagnat, alin sa man mahabang panahon na kinakailangan na magpirmi para sa pagpapagaling. Sundin ang mga patnubay upang hindi mahawa sa pasyente ang mga miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng pagsusuot ng mask, paghuhugas ng kamay atbp.

• SINIMULAN ANG BAKUNA PARA SA BAGONG URI NG INFLUENZA

Ang bakuna para sa bagong uri ng influenza (H1N1) ay para maprotektahan na huwag lumubha ang sintomas nito. Limitado lamang ang panustos o supply nito. Sa ganitong dahilan, iuuna ang mga may mapanganib na lumubha ang kondisyon gaya ng mga nagdadalang-tao, mga dati ng may sakit o mga bata. Ang bakunang ito ay ibinibigay ayon sa kahilingan. Isaalang-alang po lamang na ang pagpapabakuna ay upang mahadlangan ang paglubha ng sintomas at maaaring magkaroon din ng side effect.

Inquiry : 【Infectious and Serious Disease Section Health Promotion Support Division
Health Department, Nagano Prefecture】 ☎ 026-235-7148 (wikang Hapon)

HALAGA NG PAGBABAGO NG MINIMUM WAGE SA NAGANO PREFECTURE

Isinasaad sa nabanggit sa ibaba ang halaga ng pinakamababang sahod ng mga manggagawa sa loob ng Nagano Prefecture [Nagano Ken saitei chingin]. Ang minimum wage ayon sa Minimum Wage Act na kinakailangang bayaran ng employer sa manggagawa Tingnan po natin ang batayan na ito kung ang iyong sahod ay nasasakop nito.

Inquiry: Wage Office, Labor Affairs Bureau, Nagano Prefecture ☎ 026-223-0555 (wikang Hapon)

	Bawat oras	Petsa ng pagpapatupad	Pagpapaliwanag
Pinakamababang sahod sa Nagano Prefecture	681	Oktubre 1, 2009	※ang mga allowances gaya ng perfect attendance allowance/ transportation allowance/family dependents ay hindi kasali sa minimum wage.

Ang Nagano Prefecture Information Multilingual Newsletter ay naganais na marinig ang inyong mga opinyon o mga bagay na gustong ilathala dito. Huwag mag-atubiling ipaalam lamang ito sa Jinken-danjo@pref.nagano.jp